**Pamagat**: Isang Larawan ng Pagsisisi.

**Bible Text**: Jeremiah 31:19 "Surely after that I was turned, I repented; and after that I was instructed, I smote upon my thigh: I was ashamed, yea, even confounded, because I did bear the reproach of my youth."

*Pagsasalin*: Sapagkat pagkatapos kong tumalikod ay nagsisi ako; at pagkatapos na ako'y maturuan ay sinugatan ko ang aking hita; ako'y napahiya, at ako'y nalito, sapagkat dinala ko ang kahihiyan ng aking kabataan!'

**Panimula**:

1. Mayroong isang larawan na ginamit ng Dios upang ipakita sa atin ang katotohanan ng kaligtasan:
    - A. "Bullock" (Guya) – na parang guya na hindi pa naturuan.
    - B. At ang "Ephraim" – Ito ay naglalarawan ng Israel (Northern Kingdom) na matagal nang pumanaw sa kamay ng mga Assyria pero sila ay nanumbalik at sila ay iniligtas ng Panginoon – sa katapusan ng mundo. Ang Jeremiah 30 and 31 ay patungkol sa restoration ng Israel.
2. Ang pagsisi ay ang unang panig ng kaligtasan at ito ang bibigyan natin pansin – Jer. 31:19.

## I. Ang Bansang Israel ay Parang Isang Guya Na Hindi Sanay sa Pamatok:

- A. (v.18) - ako'y naparusahan na parang guya na hindi hirati sa pamatok: / parang guya na hindi pa naturuan; / parang mga guya na hindi pa sanay sa pamatok.
- B. Ang guya na hindi sanay (walang pagsasanay) – wild o ligaw. Kumikilos ayon sa kagustuhan. Lahat ng lakas ay binuhuhos sa mga bagay na sabik niyang makamtan.
- C. Ang Bansang Israel ay hindi nakikinig sa Salita ng Dios. At para silang ligaw na guya. Hinahabol lamang ang pansamantala.
- D. Ganito ang pananaw ng Dios sa hindi ligtas. Tanong: Ano ang sarili mong pananaw sa iyong sarili? Sa mata ng tao ang sarili niya ay parang siyang isang "dios." Ginawaga ko ang gusto ko! Kung ano man ang nalulugod sa akin, yan ang gagawin ko. Sapat na ang sarili ko.
- E. Hindi niya na mamalayan na ang lakas niya sa pag-aaral, o i-sports, o anumang bagay ay dulot ng grasya ng Dios.
- F. Hinahanggad natin ang hanga ng iba, kahit nga pagsasamba na parang lang sa Dios ay hinahangad ng tao na hindi ligtas, at binibigay ng hindi ligtas sa iba. Pinapalakpakan, ginagalang ng sobra. (Idolatry).
- G. Ang ugat ng kasamaan ng tao ay ang pag-samba niya sa kanyang sarili!

## II. Ang Bansang Israel ay Parang Isang Guya Na Pinarusahan:

- A. Madalas, hindi nadadala ang tao sa unang hatak ng Panginoon.
- B. Nagpapadala ang Dios ng mga sitwasyon bilang babala, o di kaya ang kanyang salita para turuan ang tao subalit madalas, hindi pa siya handa.
- C. Bawat sakit, o masasamang pakiramdam, sugat, luha, pawis, ubo, ay paalaala na kailangan natin ang panginoon. Bawat hospital, clinic, pharmacy, libingan, nitso, hukay, ay babala. Nakikinig ba ang tao?
- D. Bawat pag-kabigo sa mga makakaibigan, o mga magkasintahan, bawat aksidente, ito ay dulot ng kasalanan, o bunga nito.

## III. Ang Bansang Israel ay Nagsisi: At Ganito rin ang Guya:

- A. Dumating rin ang oras na ang grasya ng Dios ay dumating. "at ako'y naparusahan"
- B. Nawalan ng pag-asa, pero dahil sa palo ng Dios, at pagpapala ng Dios, at siya ay dumating sa kanyang sarili.
- C. Naalala niya ang kabutihan ng Dios, ang kamatayan ng Panginoong Jesus para sa kanya. Natuklasan niya ang pag-ibig ng Dios. Ang dakilang sakripisyo ni Jesus sa krus. Ang kanyang kamatayan para sa aking buhay.
- D. At ang kabutihan ng Dios ay nagdulot sa kanya ng tunay na pagsisi. Nagsisi siya dahil sa pamamagitan ng Dios!

**Katapusan**:

1. Ganito ang magandang balita, at larawan ng kaligtasan!
2. Nawa magsisi ka sa iyong maling paniniwal, sa iyong mga kasalanan, sa iyon sariling pamamaraan, at tumingin ka kay Jesus, sumampalataya ka sa Kanya, at ikaw ay magkakaroon ng buhay na walang hanggan.